



Pagpapalawig ng Pangangalaga Matapos ang Pagbubuntis para sa Medi-Cal at Medi-Cal Access Program

Ikaw ba ay buntis? Nagbuntis sa loob ng nagdaang taon
(huling 365 araw?)

Sa ilalim ng bagong batas pederal, epektibo nitong Abril 1, 2022, ang bagong benepisyong pagbubuntis at matapos ang pagbubuntis ay maaaring maging available sa iyo. Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa lahat ng serbisyo **habang nagbubuntis at** para sa **isang buong taong (365 araw) ma-tapos** ang pagtatapos ng pagbubuntis (“panahon matapos ang pagbubuntis”). Ang saklaw na ito ay available sa pamamagitan ng Medi-Cal at Medi-Cal Access Program (MCAP) hindi mahalaga ang katayuan ng imigrasyon o paano magtatapos ang pagbubuntis.

Kung ikaw ay mayroon nang Medi-Cal o MCAP, o nag-aapply, sabihin sa amin kung ikaw ay buntis o matapos ang pagbubuntis kung ikaw ay hindi na buntis. Hinihingi lamang namin ang impormasyong ito upang malaman kung ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng saklaw habang nagbubuntis at ang 365-araw na panahon ng matapos ang pagbubuntis.

Tandaan na:

Sabihin sa amin kung ikaw ay buntis.

Sabihin sa amin kung kailan nagtapos ang pagbubuntis.

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng inyong lokal na county

<https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>

o

Mag-apply o i-update ang iyong aplikasyon sa Covered California

<https://www.coveredca.com/>

Ang mga karagdagang impormasyon ay narito:

https://files.medi-cal.ca.gov/pubsdoco/preg/Pregnancy_Landing.aspx